MAHALAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA

# Bakuna Para sa Mga Nasa Ika-7 Baitang

PublicHealth WELLINGTON-DUFFERIN-GUELPH *Stay Well.*

Mahal na Magulang o Tagapangalaga,

Bibisita ang Wellington-Dufferin-Guelph Public Health sa paaralan ng inyong anak para magbigay ng tatlong libre at importanteng bakuna na pinoprotektahan sila sa kasalukuyan at sa hinaharap. Ang mga pampublikong nars ay matatagpuan sa:

## [SCHOOL NAME] sa [THIS DATE]

Ang mga bakunang ito ay ligtas at mabisa, at sila ay nagpoprotekta laban sa mga malubhang sakit. Lubos ko kayong hinihikayat na pumayag sa pagbabakuna upang makatulong sa pagpapanatili ng kalusugan at kaligatasan ng inyong anak at ng komunidad.

## Mga inaalok na bakuna

### 1 Meningococcal

Ang bakuna sa MenC-ACYW ay nakatutulong makaiwas sa meningitis, isang malubhang impeksyon na maaaring maka-apekto sa utak at spinal cord

Ang bakunang ito ay nagpoprotekta laban sa apat na pinakakaraniwang uring A, C, Y, at W135.

### 2 Hepatitis B

Ang bakunang ito ay nagpoprotekta laban sa kanser at sakit sa atay sanhi ng bayrus na hepatitis B.

Ang bakunang ito ay madalas na kinakailangan o nirerekomenda para sa paglalakbay, kolehiyo, at sa iilang mga trabaho.

### 3 HPV

Ang bakunang HPV-9 ay tumutulong sa pagprotekta laban sa kanser sa ulo, leeg, uri, pati na rin laban sa kulugo.

Nagpoprotekta ito laban sa siyam na pangkaraniwang uri ng HPV. Maraming katauhan ang nagkaka-kontak sa HPV sa isang punto ng kanilang buhay.

## Ang kailangan niyong gawin

Mangyaring kumpletuhin ang *online consent form* para sa inyong anak sa lalong madaling panaho. Pinapag-alam nito ang pampublikong nars kung maaaring makatanggap ang iyong anak ng bakuna.

Kung ang anak mo ay nakatanggap na ng anumang bakuna sa mga ito, maaari mong ipagbigay alam ito sa *form.*

**Handa akong magpahintulot**

## Karagdagang impormasyon, sa iyong wika

Matuto pa tungkol sa bawat bakuna sa pamamagitan ng pagsuri sa mga *fact sheet* sa ibaba, na makukuha sa maraming wika.

- English
- français (French)
- አማርኛ (Amharic)
- عربي (Arabic)
- دری (Dari)
- हिन्दी (Hindi)
- नेपाली (Nepali)
- español (Spanish)
- tagalog
- ትግርኛ (Tigrinya)
- TiếngViệt (Vietnamese)

Kung ikaw ay may mga katanungan o nangangailangan ng tulong sa pagkumpleto ng *consent form*, maaaring tumawag sa 1-800-25-7293 ext. 7006 para makipag-usap sa pampublikong nars o bumisita sa wdgpublichealth.ca/immunizegr7.

Salamat sa pagtulong sa amin na mapanatiling malusog at protektado ang mga mag-aaral at ang ating komunidad.

Sincerely,



**Dr. Matthew Tenenbaum,** MD, CCFP, MPH, FRCPC

**Associate Medical Officer of Health**

---

## Pagtulong sa iyong anak na maging komportable sa araw ng pagbabakuna

Nais ng Public Health na maging positibo ang karanasan ng inyong anak sa pagkuha ng bakuna sa eskwelahan. Upang makapaghanda, maaaring suriin kung ano ang aasahan **bago** at **pagkatapos** ng araw ng pagbabakuna kasama ang iyong anak.

Maaari mo ring ipalagay ang paggamit ng CARD na sistema para matulungan silang mas maging kalmado, kampante, at mabawasan ang pagkanerbyos.

Matuto nang higit pa tungkol sa **CARD na sistema** at mga **palatandaan** nito.

Nangangahulugan ang **CARD** sa:

- **Comfort/Ginhawa** – Magdala ng paboritong laruan, magsuot ng komportableng damit, o magmeryenda bago magsimula
- **Ask/Magtanong** – Hikayatin ang iyong anak na magtanong tungkol sa kung ano ang mangyayari.
- **Relax/Huminahon**– Magsanay sa paghinga ng malalim o pag-isip ng nakakakalma nang magkasama.
- **Distract/Gambalain ang Sarili** – Gumamit ng *device*, magbasa, o makipag-usap sa kaibigan upang malibang

# Bakuna Para sa HPV
## Nagpoprotekta Laban sa Kanser

PublicHealth
WELLINGTON-DUFFERIN-GUELPH
*Stay Well.*

Ang bakuna para sa HPV-9 ay i-aalok sa **mga estudyante (lahat ng kasarian) na edad 12 hanggang 13 taong gulang.** Ito ay pinakamabisa kapag ibinigay sa murang edad, bago mahawaan at kung kailan malakas pa ang resistensya. Ang bakuna ay **libre sa lahat ng estudyante hanggang sa katapusan ng ika-12 na baitang.**

## Ano ang ginagawa ng bakunang ito?

Karamihan sa mga tao ay magkakaroon ng kontak sa human papillomavirus (HPV) sa kanilang habambuhay. Ang **bakuna sa HPV** ay nagpoprotekta laban sa 9 na pangkaraniwan ngunit mapanganib na uri ng HPV. Ang mga uri na ito ay maaaring magdulot ng:

- **Kanser sa ulo at leeg**
- **Kanser sa serbiks**
- **Kanser sa anal**
- **Kanser sa ari**
- **Kulugo sa pag-aari**

## 3 rason para kumuha ng bakuna sa HPV sa eskwelahan

### Ito'y mabisa!

Ang kumpletong serye ng bakuna sa HPV ay maaaring labanan ang:

- Higit 90% ng kanser sa serbiks at kulugo sa pag-aari
- Karamihan ng kanser sa anal, sa ari ng kababaihan/kalalakihan, at bibig at lalamunan.

### Ito'y ligtas!

Milyong katao sa buong mundo ay ligtas na nakatanggap ng bakuna sa HPV. Mga epekto ay banayad, at ang kaligtasan nito ay patuloy na sinusubaybayan.

### Ito'y madali!

Mayroong darating na nars sa paaralan ng inyong anak para magbigay ng bakuna sa HPV– hindi na kailangang mag-book ng appointment o maglaan ng oras. Kumpletuhin lamang ang dokumento ng pagpapahintulot.

## Mga benepisyo ng bakuna sa HPV



1. Nagpoprotekta Laban sa Kanser
2. Pinakamabisa kapag nabigay bago mahawaan
3. Libre hanggang sa katapusan ng ika-12 na baitang
4. Tumutulong maiwasan ang kulugo sa ari
5. Pangmatagalang proteksyon
6. Ligtas at pinag-aralan ng mabuti

### Handang kumpletuhin ang permiso?

I-scan lamang ang QR code o bumisita sa
wdgpublichealth.ca/Gr7Consent

I-SCAN AKO

### May mga katanungan?

**1-800-265-7293 ext. 7006**
wdgpublichealth.ca/HPVfacts

# Bakuna sa Hepatitis B

## Nagpoprotekta Laban sa Impeksyon sa Atay

PublicHealth
WELLINGTON-DUFFERIN-GUELPH
*Stay Well.*

Ang bakuna para sa Hepatitis B ay i-aalok sa **mga estudyante (lahat ng kasarian) na edad 12 hanggang 13 taong gulang**. Ito ay pinakamabisa kapag ibinigay sa murang edad, bago mahawaan at kung kailan malakas pa ang resistensya. Ang bakuna ay **libre sa lahat ng estudyante hanggang sa katapusan ng ika-12 na baitang.**

## Ano ang ginagawa ng bakunang ito?

Ang **bakuna sa Hepatitis B** ay nagpoprotekta laban sa bayrus ng Hepatitis B, na maaaring magdulot ng **pagkasira sa atay, kanser sa atay, o pati pagkamatay**. Hepatitis B ang pangunahing sanhi ng kanser ng atay sa Canada.

## 3 rason para kumuha ng bakuna sa Hepatitis B sa eskwelahan

### Ito'y mabisa!

1 sa 10 katao na nahawaan ng hepatitis B ay dadalhin ito habambuhay. Ang pagbabakuna ay ang pinakamabisang paraan upang maiwasan ang mga pangmatagalang panganib nito sa kalusugan. Ang bakuna sa Hepatitis B ay epektibo at pinoprotektahan ang 98% ng katao kapag nabigyan ng inirerekomendang dosis.


### Ito'y ligtas!

Ang bakuna sa Hepatitis B ay maingat na nasubukan at ang kaligtasan nito ay patuloy na sinusubaybayan. Ang mga reaksyon dito ay karaniwang bahagya. Mas ligtas na makakuha ang inyong anak ng bakuna kaysa makakuha ng Hepatitis B.

### Ito'y madali!

Mayroong darating na nars sa paaralan ng inyong anak para magbigay ng bakuna sa Hepatitis B– hindi na kailangang mag-book ng appointment o maglaan ng oras. Kumpletuhin lamang ang dokumento ng pagpapahintulot.

## Mga benepisyo ng bakuna sa Hepatitis B



1. **Nagpoprotekta laban sa sakit sa atay at kanser sa atay**
2. **Pinakamabisa kapag nabigay bago mahawaan**
3. **Libre hanggang sa katapusan ng ika-12 na baitang**
4. **Pangmatagalang proteksyon**
5. **Ligtas at pinag-aralan ng mabuti**

## Handang kumpletuhin ang permiso?

I-scan lamang ang QR code o bumisita sa **wdgpublichealth.ca/Gr7Consent**

**I-SCAN AKO**

## May mga katanungan?

**1-800-265-7293 ext. 7006**
**wdgpublichealth.ca/HepBfacts**

# Bakuna sa MenC-ACYW

## Nagpoprotekta Laban sa Impeksyon sa Meningococcal

PublicHealth
WELLINGTON-DUFFERIN-GUELPH
*Stay Well.*

Ang bakunang ito ay i-aalok sa mga **estudyante (lahat ng kasarian) na edad 12 hanggang 13 taong gulang**. Ito ay pinakamabisa kapag ibinigay sa murang edad, bago mahawaan at kung kailan malakas pa ang resistensya. Ang bakuna ay **libre sa lahat ng estudyante hanggang sa katapusan ng ika-12 na baitang.**

### Ano ang ginagawa ng bakunang ito?

Ang bakuna sa MenC-ACYW ay pinoprotektahan ang inyong anak laban sa sakit sa meningococcal, isang malubhang impeksiyon mula sa bakterya na maaaring magdulot ng **pagkabingi, kombulsyon, pinsala sa utak, pagkawala ng iba't ibang parte ng katawan, o pati pagkamatay.**

### 3 rason para kunin ang bakunang ito sa eskwelahan

**Ito'y mabisa!**

Ang bakuna sa MenC-ACYW ay 80-85% na epektibo sa paglaban sa sakit sa meningococcal. Ang impeksyon ay madaling kumalat sa pamamagitan ng pag-ubo, pagbahing, o pakikipagsalo sa pagkain at inumin. 1 sa 100 katao na nakakakuha nitong sakit ay hindi nakakaligtas.

**Ito'y ligtas!**

Itong bakuna ay maingat na nasubukan at ang kaligtasan nito ay patuloy na sinusubaybayan. Ang mga reaksyon dito ay karaniwang bahagya. Mas ligtas na makakuha ang inyong anak ng bakuna kaysa makakuha ng sakit sa meningococcal.

**Ito'y madali!**

Mayroong darating na nars sa paaralan ng inyong anak para magbigay ng bakuna sa MenC-ACYW– hindi na kailangang mag-book ng appointment o maglaan ng oras. Kumpletuhin lamang ang dokumento ng pagpapahintulot.

### Mga benepisyo ng bakuna sa Meningococcal

1. Nagpoprotekta laban sa malubhang impeksyon
2. Pinakamabisa kapag nabigay bago mahawaan
3. Libre hanggang sa katapusan ng ika-12 na baitang
4. Pangmatagala ng proteksyon
5. Ligtas at pinag-aralan ng mabuti



### Handang kumpletuhin ang permiso?

I-scan lamang ang QR code o bumisita sa
wdgpublichealth.ca/Gr7Consent

I-SCAN AKO

### May mga katanungan?

**1-800-265-7293 ext. 7006**
wdgpublichealth.ca/MenCfacts